Republic of the Philippines
Department of Environment and Natural Resources
MIMAROPA Region
**COMMUNITY ENVIRONMENT AND NATURAL RESOURCES OFFICE**
**Brooke's Point, Palawan**

Ika-16 ng Marso 2023

**G. JOSE DANICO**
danicojose121@gmail.com

Ginoong Danico:

Magandang araw po.

Ito po ay patungkol sa inyong reklamo o hinaing kaugnay sa operasyon ng Ipilan Nickel Corporation (INC) na inyong idinulog sa pamamagitan ng electronic mail sa Presidential Complaint Center (PCC), 8888 Citizens' Complaint Hotline, Mr. Raffy Tulfo at mga opisyales ng DENR MIMAROPA Region na ipaabot naman sa tanggapan ng DENR CENRO Brooke's Point para sa karampatang aksyon.

Batay sa naturang reklamo ay nanawagan kayo na maipatigil o mapahinto ang operasyon ng pagmimina ng Ipilan Nickel Corporation dahil sa mapaminsalang dulot/epekto nito sa kabuhayan ng mga mamamayan sa bayan ng Brooke's Point, Palawan partikular na sa sektor ng agrikultura. Nababanggit rin ninyo na ang minina ng naturang kompanya ay mga natural forest, water source, watershed at protected area. Gayundin ay walang permit ang kanilang itinayong pier at bukod dito ay wala ring Mayor's Permit ang kompanya.

Kaugnay ng mga nababanggit na usapin, nais po naming linawin at ipagbigay-alam na alinsunod sa mga umiiral na batas gayundin ng mga alituntunin at regulasyon ng DENR, ang INC ay pinagkalooban ng Provisional Permit No. 045306-001 na nagbibigay pahintulot sa kompanya na pansamantalang magamit para sa causeway/ industrial purpose ang foreshore land/baybayin na may tinatayang kabuuang sukat na 118, 580 sq. m. na matatagpuan sa Barangay Maasin, Brooke's Point, Palawan. Ang parehong lugar ay nasasaklawan rin ng Miscellaneous Lease Application No. 045306-13 ng nasabing kompanya. Samantala, batay sa mga rekord/datos ng aming opisina, ang INC ay naghain rin ng kanilang Application for Permit to Construct para sa pagtatayo ng causeway/port facilities na may Application No. 2022-01 sa Philippine Ports Authority na naaprubahan naman noong ika-5 ng Abril 2022.

Sa kabilang banda, patungkol naman sa usapin kaugnay sa kawalan ng Mayor's Permit ng INC, base po sa ipinasang mga dokumento sa aming opisina ay mayroon naisumiteng Letter of Intent ang kompanya ng INC na may petsang Enero 10, 2023 kalakip ang mga kinakailangang dokumento/requirements para sa Renewal ng kanilang Business/Mayor's Permit para sa taong 2023 sa Lokal na Pamahalaan ng Brooke's Point, Palawan. Nababanggit na ang mga ipinasang requirements ay naaayon sa abiso (advice) ng

Brooke's Point Licensing Office. Samantala, sa paglilinaw/klaripikasyon mula sa Mines and Geosciences Bureau (MGB), ang pagkuha ng Mayor's or Business Permit ay labas sa mandato ng tanggapan. Gayundin, ang Mayor's Permit ay hindi kabilang sa mga mandatory requirements para sa Mineral Agreements ayon sa probisyon ng RA 7942 o ang Philippine Mining Act of 1995 at ang mga ipinapatupad/umiiral na alituntunin at regulasyon *(Implementing Rules and Regulations)* nito na nakapaloob sa DENR Administrative Order (DAO) No. 2010-21.

Batay pa sa datos ng MGB, ang contract area ng MPSA ng kompanya ay hindi sakop ng anumang watershed area ng ito ay maaprubahan. Gayundin, bagamat ang bahagi ng MPSA ay napapaloob sa nasasakupan ng Mount Mantalingahan Protected Landscape (MMPL) na naiproklama bilang protected area sa bisa ng Presidential Proclamation No. 1815 na naaprubahan noong Hunyo 23, 2009, ang MPSA ay nauna ng maaprubahan bago pa ang proposed Final Boundary ng MMPL; kung kaya't alinsunod rin sa kaukulang probisyon ng PP 1815 ay kinikilala ang prior or vested rights ng naturang MPSA hanggang sa ito ay mag-expire o mawalan ng bisa.

Bilang karagdagan, ang tanggapan ng MGB ay regular na nagsasagawa ng pagmomonitor ng mga compliances ng kompanya kaugnay sa Tenement, Safety and Health, Environment and Social Development alinsunod sa mga umiiral na batas at regulasyon ukol sa pagmimina. Bukod dito, mayroon na ring nabuong Multipartite Monitoring Teams (MMT) na binubuo ng iba't ibang ahensya mula sa nasyonal at lokal na pamahalaan at iba pang pribadong asosasyon/grupo mula sa bayan ng Brooke's Point na naatasang magsagawa ng quarterly monitoring at inspeksyon para ma-assess at suriin ang mga epekto sa kapaligiran ng operasyon ng kompanya at masiguro na epektibo ang mga control measures o hakbang sa pagkontrol na ipinapatupad/isinasagawa nito.

Kami po ay umaasa na nabigyan kayo ng wasto at maayos na impormasyon.

Kalakip po sa sulat na ito ay ang kopya ng Letter of Intent na ipinasa/isinumite ng INC kaugnay sa renewal ng kanilang 2023 Mayor's/Business Permit para sa inyong reperensiya.

DENR-CENRO
BROOKE'S POINT
RELEASED
DATE: MAR 17 2023
2023-1333

Lubos na gumagalang,

LEONARD T. CALUYA
CENRO

M.Rodriguez St. Poblacion District I, Brooke's Point Palawan 5305
Mobile Phone: Globe: 0917-502-8961
Email: cenrobrookespoint@denr.gov.ph

# Iplian Nickel Corporation

Penthouse, Platinum Tower, Asean Avenue corner Fuentes St., Aseana, Parañaque City
Office (632) 519 7888   Fax (632) 519 7999

January 10, 2023

**HON. CESAREO R. BENEDITO, JR.**
**Municipal Mayor**
**Municipal Hall, Poblacion District I,**
**Brooke's Point, Palawan**

: *Letter of Intent to renew INC business permit*

As advised by Brooke's Point Licensing Office, attached are the following business permit requirements, for review and reference:

1. Filled out business permit renewal application form;
2. Barangay Clearance dated January 06, 2023;
3. Mineral Production Sharing Agreement (MPSA) No. 017-93-IV- as amended 2000 issued to INC predecessor, Celestial Nickel Mining Exploration Corporation (CNMEC);
4. National Commission on Indigenous Peoples (NCIP) Letter, dated March 31, 2006, stating that CNMEC is not required to secure a Certification Precondition;
5. Environmental Compliance Certificate (ECC) No. 1006-0017 dated October 8, 2010;
6. Strategic Environmental Plan (SEP) Clearance No. MODP-122110-001;
7. Provisional Miscellaneous Lease Agreement (MLA) No. 045306-001; and
8. Environmental Protection and Enhancement Program (EPEP) and Final Mine Rehabilitation and Decommissioning Plan (FMRDP) Certificate of Approval No. 195-2021-20.

Should you have any question or clarifications, please do not hesitate to contact me at 0917 829 3424 or acarabis@gfni.com.ph.

Thank you and kindest regards.

Very truly yours,

**MR. ALEX C ARABIS**
**OIC, Resident Manager**
**Iplian Nickel Corporation**

&
Louie O. Pirma
1-10-2023
@ 4:40 pm